

Ano ang Dapat Kong Gawin Kung Pumapasok ang Usok sa Aking Tahanan?

Paano Magsimula

Hindi palaging madali ang paglutas sa isyu ng paninigarilyo sa iyong tahanan. Magsimula sa Hakbang 1, ang pinakasimpleng paraan at kumilos patungo sa iba pang mga hakbang kung hindi mo malutas ang problema. Paglipas ng panahon at ilang pagsisikap sa iyong bahagi, maaari kang makahanap ng paraan upang pigilang makapasok ang usok sa iyong tahanan.



Illustration by Janet Cleland

Hakbang 1 –Makipag-usap sa Naninigarilyo

1. **Maging magalang.** Sabihin sa kapitbahay kung paano nakakapinsala ang kaniyang usok sa iyo at sa iyong pamilya. Hilingin sa kanilang ilipat ang kanilang paninigarilyo sa isang tiyak na lugar kung saan mananatili kang ligtas. Hindi nauunawaan ng maraming naninigarilyo kung paano naapektohan ng kanilang paninigarilyo ang ibang tao at hindi nila gustong makapahamak ng ibang tao.
2. **Subukang makipagkasundo.** Ang kapitbahay ay maaaring manigarilyo sa labas, manigarilyo nang malayo sa mga bintana at vent o manigarilyo nang mas madalang pagdating ng ilang tiyak na oras.
3. **Makibagay sa pangyayari at manatiling kalmado.** Ang pagbabawas ng usok ang layunin mo. Anumang hakbang na makakapagpabawas ng usok sa iyong tahanan ay mabuti.

Hakbang 2 –Makipagusap sa Iyong Kasero o Property Manager

1. **Humingi ng tulong sa iyong kasero** sa pamamagitan ng pagsabi sa kanila ng tungkol sa problema. Maraming mga kasero ang ayaw ng usok sa kanilang gusali at maaaring magpasalamat pa sa iyo sa pagbibigay-alam nito sa kanila. Malalaman din nila kung pinapayagan ng kontrata sa paupahan ng iyong kapitbahay ang paninigarilyo.
2. **Maaaring makipagusap ang iyong kasero sa iyong kapitbahay** na bumuo ng kasunduan upang gawan ng paraan na mabawasan ang usok.

Maaaring Makatulong ang Isang Talaan na Malutas ang Problema ng Paninigarilyo

Upang makagawa ng isang talaan ng paninigarilyo, isulat kung kailan pumapasok ang usok sa iyong tahanan, ang oras, petsa, gaano kadalas at kung saan parte ng tahanan ito pumapasok. Makakatulong itong ipaliwanag ang sitwasyon sa ibang tao nang mahinahon at nakatuon sa paglutas ng problema.

Paano kung hindi nakikipagtulungan ang parehong naninigarilyo at ang kasero?

Hakbang 3 –Makipag-ugnayan sa 311

Ang 311 ay ang customer service system para sa San Francisco. Maaari silang maabot sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 sa San Francisco (Kung sa labas ng San Francisco, tumawag sa (415) 701-2311 o www.sf311.org. Maaari kang ikonekta ng 311 sa Environmental Health, na maaaring makatulong sa iyo kung hindi nagpapatupad ang may-ari ng property ng isang patakaran na Bawal ang Manigarilyo. Maaari din silang maglaan sa iyo ng higit pang impormasyon o isangguni ka sa iba pang mga resource.

Batas ng Natatangay na Usok ng San Francisco

Ipinagbabawal ang paninigarilyo sa lahat ng **LUGAR NA GINAGAMIT NG LAHAT SA LOOB NG GUSALI**, tulad ng mga pasilyo, laundry room at mail room ng mga tinitirhang gusaling may maramihang unit. Pinahihintulutan ang paninigarilyo sa loob ng mga apartment unit ng mga gusali kung hindi binabanggit ang paninigarilyo sa kontrata ng paupahan. Basahin ang batas sa [San Francisco Health Code Article 19F](#)

Hakbang 4- Makipag-ugnayan sa Iyong District Supervisor

Nagpapasa ng batas ng lungsod ang Board of Supervisors. Mahalaga sa kanilang makarinig mula sa mga taong kinakatawan nila. Kung may sapat na dami ng taong sumusulat sa kanila tungkol sa parehong isyu (hinahangin usok), maaari silang gumawa ng bagong batas upang lutasin ang problema. Maaari mong mahanap ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong Supervisor sa www.sfbos.org

Mga Mapagkukunan para sa Usok sa Iyong Tahanan

1. Mga Batas ng California Tungkol sa Mga Patakaran sa Paninigarilyo ng Kasero: [California's Laws About Landlord Smoking Policies](#)
2. Mga Solusyon ng ChangeLab– Mga Fact Sheet tTungkol sa Walang Usok na Tirahan: [ChangeLab Solutions – Smoke Free Housing Fact Sheets](#)
3. Mga Batas sa Tabako ng San Francisco: [San Francisco Tobacco Laws](#)